Sa Atin na Dinatnan ng Katapusan ng Mga Panahon

Likyam 20, Pangalawang Sabbath, Marso 07 Sinipi 6, 2021

Hopon ng Sabbath, Mayo 31

Talatang Sasuluhin:

"Ang ang Bagay na ito ng sagot na pinakahulihan ay, ang pinag-uusapan natin ngayon: Mayroon tayo ng gaganong Pagkasaserdote, na umupo sa kanan ng Dakilang Kamahalan, Kapit ang mga alipin ng Kabanalan, magkapit ka baka makasal." Hpb – 1 Timotio 18:11, 12

Anumang pagsusuwayang Sa Kasulatan na nakilagay makapunta ang ang mahalay at di-mananalo ectatalang ng kasiniksan, at hindi makapuntahan ng isang ang na ina makatanggap ang kanilang pagkaalipin ang kanilang pagkaalipin ang kanilang pagkaalipin

pangalan ay mabubura roon.

Ang pinakadakilang pagsubok ng tao, at isa na palaging nangangailangan ng halos agarang pasya, ay nangyayari sa pagbubukas ng kasulatan—sa paglipas ng isang dating mensahe sa harap ng bago—ang kasalukuyang katotohanan. Sa bawat gayong pagkakataon, kailangang magpasya ang bawat isa: Dapat ko bang pakinggan ang bago at hindi kilalang katotohanan at lumakad sa liwanag nito, na masama sa mga hinahamak ng halos lahat ng pinuno ng relihiyon sa lupain? O papayagan ko bang ang pasya at payo ng ministeryo ng aking iglesia ang pumigil sa akin?

Kapag nagsimula ang paghatol at binuksan ang mga aklat at ang mga kaso ng bawat henerasyon ay daraan sa pagsusuri sa harap ng hukuman, may ilang henerasyong halos lubos ang pagbura ng mga pangalan sa halip na ng mga kasalanan. Kapag ang henerasyon ng unang pagparito ni Cristo ay tinimbang sa timbangan ng santuwaryo, isang buong bansa ang masusumpungang kulang at ang kanilang mga pangalan ay buburahin sa aklat. At ganoon din sa iba't ibang antas sa pagpasok ng bawat bagong mensahe sa bawat kapanahunan. "Iba't ibang yugto sa kasaysayan ng iglesia ang may kani-kaniyang natatanging katotohanan, na nakaangkop sa pangangailangan ng bayan ng Diyos sa panahong iyon. Bawat bagong katotohanan ay dumaan sa galit at pagsalungat; yaong mga pinagpala nito ay tinukso at sinubok." — The Great Controversy, p. 609.

Kaya, "kapag ang isang mensahe ay dumating sa pangalan ng Panginoon sa Kanyang bayan, wala ni isa mang maaaring magpalusot sa sarili mula sa pagsisiyasat ng katotohanang dala nito." — Testimonies on Sabbath-School Work, p. 65. Isantabi ang lahat ng pagkiling, sariling palagay, at mga ideya ng tao na walang tatak ng Inspirasyon, at na sa kanilang mga kilos ay nagsasabing: "Ako'y mayaman, at lubos na pinagpala, at walang kinakailangan" (katotohanan o propeta). — Apocalipsis 3:17.

Ang Biblia ay maaaring maipaliwanag nang tama lamang sa pamamagitan ng Espiritu na Siyang nagbigay nito. Siya "ang gagabay sa inyo sa lahat ng katotohanan: sapagkat Siya'y hindi magsasalita mula sa Kanyang sarili; kundi anuman ang Kanyang marinig, iyon ang Kanyang sasalitain: at Kanyang ipapakita sa inyo ang mga bagay na darating" upang kayo'y "maging matatag sa kasalukuyang katotohanan." At "sinumang...lumapastangan sa Banal na Espiritu [na lumalaban sa mensahe] ay hindi patatawarin": sapagkat ito lamang ang daan ng kaligtasan. — Juan 16:13; 2 Pedro 1:12; Lucas 12:10.

Dahil dito, ang pinakadakilang panganib ng bayan ay hindi ang pakikinig sa kamalian kundi ang pagtanggi sa kasalukuyang katotohanan. "Kung may mensahe," sabi ng Panginoon, "na hindi ninyo nauunawaan, magsikap kayong marinig ang mga dahilan ng tagapagdala nito,...pagkatapos ay iharap ninyo ang inyong matibay na dahilan; sapagkat ang inyong paninindigan ay hindi matitinag sa pagharap sa kamalian." — Testimonies on Sabbath-School Work, pp. 65–66. "Kaya, ang nag-aakalang siya'y nakatayo ay mag-ingat baka siya'y mabuwal." — 1 Corinto 10:12.

Maliwanag, samakatuwid, ang anumang saloobin na nag-uutos sa isang tao na huwag gumawa ng isang tapat na pagsisiyasat sa anumang mensahe na nag-aakala na karagdagang katotohanan, ay hindi maiiwasang magdulot ng kapahamakan sa sarili. Samantalang sa kabilang banda ang tumanggap ng katotohanan ngunit hindi matapat na mabuhay at ipahayag ito, sa gayo'y nagdadala din sa kanyang sarili ng kapahamakan - ang laban sa babala ni Ezekiel: "Muli, pagka ang isang taong matuwid ay lumilihis sa kaniyang katuwiran, at gumawa ng kasamaan, at ako'y naglalagay ng katitisuran sa harap niya, siya'y mamamatay; sapagka't hindi mo siya pinagpaunahan, siya'y mamamatay sa kaniyang kasalanan, at ang kaniyang mga matuwid na gawa na kaniyang ginawa ay hindi aalalahanin; nguni't ang kaniyang dugo ay aking sisiyasatin sa iyong kamay. Gayon ma'y kung iyong pinagpaunahan ang taong matuwid, upang ang matuwid ay huwag magkasala, at siya'y hindi nagkakasala, siya'y walang pagsalang mabubuhay, sapagka't siya'y nahikayat; at iyong iniligtas ang iyong kaluluwa." Ezek. 3:20, 21. Ngunit ang masasama ay "mapapawi sa aklat ng buhay, at huwag masulat na kasama ng matuwid.." Awit 69:28.

Biyernes, Hunyo 6

Karagdagang Kaisipan

"Noong mga araw ni Noe, isang dobleng sumpa ang nakapanaig sa lupa bunga ng pagsuway ni Adan at ng pagpaslang na ginawa ni Cain. Gayunman, hindi ito lubos na nagbago sa anyo ng kalikasan. May malinaw na palatandaan ng pagkabulok, subalit ang lupa ay nananatiling mayaman at maganda sa mga kaloob ng kagandahang-loob ng Diyos. Ang mga burol ay pinapatungan ng mga punong-kahoy na kahanga-hanga na sumusuporta sa mga sanga ng puno ng bunga. Ang malalawak na kapatagan na kawangis ng hardin ay nababalutan ng luntiang halaman at napapabango ng samyo ng libu-libong bulaklak. Ang mga bunga ng lupa ay sagana at halos walang hanggan. Ang mga punong-kahoy ay higit na malalaki, mas maganda, at mas perpekto sa hubog kaysa sa anumang makikita sa ngayon; ang kanilang kahoy ay pino ang hibla at matigas, na halos katulad ng bato sa tibay at tibay ng panahon. Ang ginto, pilak, at mga mamahaling bato ay masagana."

"Ang lahi ng tao ay taglay pa rin ang malaking bahagi ng lakas na likas sa kanila noong pasimula. Ilan lamang ang henerasyong lumipas mula nang mawala kay Adan ang daan patungo sa punong-kahoy na nagpapalawig ng buhay; kaya't ang buhay ng tao ay sinusukat pa rin sa daan-daang taon. Kung ang mga taong may mahabang buhay at pambihirang kakayahan sa pagpaplano at pagsasakatuparan ay inialay ang kanilang sarili sa paglilingkod sa Diyos, sana'y naging kapurihan sa lupa ang pangalan ng kanilang Maylalang, at natupad sana ang layunin kung bakit sila binigyan ng buhay. Ngunit nabigo silang gawin ito. Maraming higante, matatangkad at malalakas na lalaki, kilala sa karunungan at bihasa sa paglikha ng mga kahanga-hangang bagay; subalit ang kanilang kasalanan sa pagpapalaya sa kasamaan ay kasukat ng kanilang katalinuhan at kakayahan."

"Ipinagkaloob ng Diyos sa mga taong ito bago ang baha ang maraming mayaman at mahalagang kaloob; ngunit ginamit nila ang mga ito upang luwalhatiin ang kanilang sarili at naging sumpa sa kanila dahil inilaan nila ang kanilang pagmamahal sa mga kaloob sa halip na sa Tagapagbigay. Ginamit nila ang ginto, pilak, mga mamahaling bato, at piling kahoy sa pagtatayo ng kanilang mga tahanan, at nagsikap na higitan ang isa't isa sa pagpapaganda ng kanilang mga tahanan sa pamamagitan ng pinakamasining na gawain. Hinangad lamang nila na masiyahan ang mga nasa ng kanilang pusong mapagmataas, at nagpakasasa sa mga tagpo ng kasiyahan at kasamaan. Ayaw nilang panatilihin ang Diyos sa kanilang kaalaman, kaya't di-naglaon ay itinanggi nila ang Kanyang pag-iral. Sinasamba nila ang kalikasan sa halip na ang Diyos ng kalikasan. Niluwalhati nila ang talino ng tao, sinamba ang mga gawa ng kanilang sariling kamay, at itinuro sa kanilang mga anak na yumukod sa mga inukit na larawan."PP 90-91.1

"Sa mga luntiang bukid at sa lilim ng mga maririkit na punong-kahoy ay nagtayo sila ng mga altar para sa kanilang mga diyus-diyosan. Malalawak na kakahuyan na nananatiling may dahon sa buong taon ay inialay sa pagsamba sa mga huwad na diyos. Kalakip ng mga kakahuyang ito ang mga magagandang hardin, ang mahahabang, liku-likong landas nito ay natatabingan ng mga punong may bungang iba't ibang uri, pinalamutian ng mga rebulto, at nilagyan ng lahat ng maaaring magbigay-lugod sa mga pandama o tumugon sa makamundong nasa ng mga tao, kaya't sila'y inaakit na makibahagi sa pagsambang puno ng idolatriya."

"Ipinagwalang-bahala ng mga tao ang Diyos at sinamba ang mga nilalang ng kanilang sariling imahinasyon; at dahil dito, sila'y lalo pang naging masama. Inilarawan ng mang-aawit ang epekto ng pagsamba sa mga diyus-diyosan sa sumasamba: "Ang nagsisigawa sa kanila ay magiging gaya nila; Oo, bawa't tumitiwala sa kanila." (Awit 115:8). Isang batas ng isipan ng tao na sa patuloy na pagmamasid ay tayo'y nagiging katulad ng ating pinagmamasdan. Hindi tataas ang tao kaysa sa kanyang pagkakaunawa sa katotohanan, kadalisayan, at kabanalan. Kung ang isipan ay hindi maitataas sa antas ng makalangit na karunungan at pag-ibig, kundi mananatili sa makataong antas, ang tao ay patuloy na lulubog. Ang mga sumasamba sa mga huwad na diyos ay inilalarawan ang kanilang mga diyos sa pamamagitan ng katangian at damdaming makatao, kaya't ang kanilang pamantayan ng pag-uugali ay ibinaba sa antas ng makasalanang tao. Dahil dito, sila'y nadungisan. 'At nakita ng Panginoon na mabigat ang kasamaan ng tao sa lupa, at ang buong haka ng mga pagiisip ng kaniyang puso ay pawang masama lamang na parati.... Ang lupa ay naging tiwali sa harap ng Diyos; at ang lupa ay napuno ng karahasan.' Ipinagkaloob ng Diyos sa tao ang Kanyang mga kautusan bilang pamantayan ng buhay, ngunit ito ay nilabag, at ang resulta ay bawat uri ng kasalanan. Ang kasamaan ng mga tao ay lantaran at mapangahas, ang katarungan ay niyurakan, at ang daing ng mga naaapi ay umabot sa langit." PP 91.2

Para sa karagdagang pag-aaral, maaaring tumawag o makipag-ugnayan lamang po sa:
WhatsApp: (+63)961-954-0737
contact@advancedsabbathschool.org